Patron: Her Majesty the Queen
Registered Charity No. 209133
Founded 1846

A Company Limited by Guarantee
Registered in London
No. 378765

Seamen's Christian Friend Society

Incorporating the Merchant Navy Christian Fellowship

Pastor David Thomson,
99 Donaldswood Park,
Paisley,
PA2 8RT,
U.K.

Tel: +44 (0)141 884 2798
Mobile:+44 (0) 7971 677 241
E-Mail: david.thomson@scfs.org
www.scfs.org

2009

Mahal kong Kaibigan,

Sumulat ako sa iyo bilang Pastor ng SCFS Christian Fellowship. Nais kong malaman mong kasama ka at ang iyong pamilya sa aking mga dalangin. Nasa bakasyon ka man o nasa karagatan, hindi ka nalilimutan.

"Ihulog ang Angkla!" Naranasan ng lahat ng mandaragat ang inip habang naka-angkla ang barko sa pagnanais nilang makababa upang sila'y makatawag sa telepono o makapadala ng email sa pamilya. Maaring ang bakasyon ay maantala ng hindi inaasahan, o kaya'y hindi madugtungan ang kontrata. Kung minsan, kailangan nating maghintay, at kahit ipinagdasal na natin ang ating hiling, puwede pa rin tayong mabigo. Ang mga unang disipulo ng Panginoon ay lumasap ng mga kagilagilalas na karanasan, subali't nakaranas din sila ng kabiguan, pakikibaka at paghihirap. Itinuturo sa **Santiago 1:2-8** na ang mga mananampalataya ay 'daranas ng iba't ibang pagsubok', subalit may mabuting layunin ito. Maliwanag sa **1 Corinto 10:13** na hindi ipahihintulot ng Diyos na tayo'y masubok nang higit sa ating makakaya. Sa mga pangyayaring mahirap, nakakatulong sa akin ang maalaala na hawak ng Diyos ang lahat. Kung minsan ay napapakumbaba akong makita ang pag-ikot ng isang sitwasyong akala ko ay wala nang pag-asa.

Hebreo 6:19 - "Ang pag-asang ito ang siyang matibay at matatag na angkla ng ating buhay. At ito'y umaabot hanggang sa kabila ng tabing sa templong panlangit, sa dakong kabanal-banalan." Ang sulat na ito sa mga Hebreo ay sinulat para sa mga mananampalatayang inusig ng mahigpit. **Heb.10:32-37**.

Heb. 6:15- Nangako ang Diyos na magkakaroon ng anak na lalaki si Abraham. **Genesis 12:7; 13:14 -16.** Pagkalipas ng ilang taon at hindi pa rin nanganak si Sara, inakala nilang hindi na ito mangyayari (**Gen. 16**). Sumiping si Abraham sa aliping si Agar at ito'y nagkaanak ng lalaki na pinangalanang Ismael, na nangangahulugang 'nakikinig ang Diyos'. Sa **Gen.17:15-27**, nangako ang Diyos na papagpalain niya si Ismael at magiging bansang makapangyarihan ang kanyang angkan. Inulit din ng Diyos ang Kanyang pangakong magkakaanak si Sara. Napatawa si Abraham dahil matanda na siya. Sa **Gen. 18:10-15** napatawa si Sara nang marinig na siya'y magkakaanak sa kanyang katandaan. Ang tanong ng Panginoon, "Mayroon bang mahirap sa Akin?" Ganoon pa man, tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako sa kapanganakan ni Isaac, **Gen. 21:1-3**. Ang mensahe ay maliwanag: tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

Sa higit na 33 taong pagsilbi ko sa Panginoon bilang Pastor ng mga mandaragat at kanilang mga pamilya, may ilang beses na hindi ko naunawaan kaagad na ginagamit ng Diyos ang mga mahihirap na sitwasyon upang matuto tayong tumiwala sa Kanya. Kailangan ang tiyaga; kahit hindi matupad ang ating inaasahan, ang kalooban ng Diyos ang masusunod. Subalit paano tayo mananatili sa pananampalataya at pananalig kay Kristo kung tila walang katarungan ang buhay?

Tunay na Pag-asa at Pangpalakas ng Loob. **Heb. 6:16-17**- Ang mga pangako ng Diyos ay mapapaniwalaan at hindi nagbabago dahil bahagi ito ng Kanyang kalikasan. Nang mangako ang Diyos kay Abraham, Siya'y nanumpa sa Kanyang sariling pangalan. Ang pangako Niya ay kasing buti ng Kanyang pangalan, at ang pangalan Niya'y kasing buti ng Kanyang kalikasan. Sa pagsumpa ng Panginoon, ibig Niyang patibayin ang pananalig ni Abraham at ipakita ng maliwanag sa lahat na Siya ang kumikilos sa kanyang sitwasyon.

Sa **Heb. 6:18-19**, ang dalawang bagay na hindi nagbabago ay ang kalikasan at pangako ng Diyos. Ang Diyos ay hindi maaaring magsinungaling dahil ang Diyos ay katotohanan. Maaaring pagkatiwalaan ang Kanyang mga pangako. *Sa kapanahunan ng Bibliya, hinuhulog ng barko ang angkla sa loob ng daungan at habang nakatali sa mahabang lubid ang angkla, ang barko ay nadadala ng alon palabas ng daungan. Kahit mapadpad ng bagyo ang barko, matiwasay ang mga mandaragat na makakabalik pa rin sila sa loob ng daungan pagdating ng oras na maaari na silang dumaong.*

Mahalaga ang **Heb. 6:19**. Gaya ng isang angklang nakatatag, maaari tayong magkaroon ng pag-asa at pagtitiwala na matatag magpakailanman, kahit na dumaranas tayo ng mga bagyo ng buhay. Subalit iisa lamang ang tunay na angkla, ang Panginoong Jesu-Kristo – Siya na may kapangyarihang humawak sa atin ng mahigpit kabang tumitiwala tayo sa Kanya lamang ng walang kondisyon. Sa **Juan 14:1-4**, sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo na tutungo Siya sa langit upang ihanda ang kanilang tirahan doon. Kahit may katiyakan ang Panginoong Jesus sa kanyang sinabi,

kinailangang ipaliwanag Niya kung paano sila pupunta roon, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko" (**b. 6**). Natututunan ng sinuman sa Bibliya, ang Salita ng Diyos, kung paano makakapunta sa Diyos Ama sa pamamagitan ng Panginoong Jesus. Nangako ang Diyos na tatanggapin Niya ang lahat ng naniniwala kay Kristo. Kung hilingin mo ng tapat at taimtim kay Jesus na patawarin ka sa iyong mga kasalanan, gagawin Niya ito. Ang katotohanang ito ay magpapalakas ng iyong loob upang unawain ang mga itinuturo ng Bibliya at magkakaroon ka ng pag-asa kahit anuman ang dinaranas mo sa panahong ito.

Heb. 6:19-20 - Ang tabing (kurtina) na ito ay nakasabit sa pasukan ng Dakong Kabanal-Banalan ng Templo ng Diyos. Sinabit ito upang pagbawalan ang sinuman na pumasok o makasilip sa loob. Itinala sa **Mateo 27:45-51** na sa oras ng pagkamatay ng Panginoong Jesus sa kurus, napunit sa gitna ang tabing na ito (ang tanda ng hadlang pumapagitan sa Diyos at sa tao) mula sa itaas hanggang sa ibaba. Ito'y nangangahulugan na ang lahat ay maaari ng lumapit sa Diyos dahil sa pag-alay ni Kristo ng Kanyang buhay para sa atin. Tingnan ang **Heb. 9:1-14; 10:19-20.**

Ang sabi sa sulat ni **Guus Peters**, aking kaibigan at kasama sa SCFS sa Antwerp:

Nais kong palakasin ang loob mo sa kuwentong ito: Noong Junio 2005, nakausap ko si Federico, isang Pilipino at 'first officer' ng isang barko. Kristiyano siya ngunit sa dami ng problema sa kanyang kapitan, ninais niyang tapusin ang kontrata at umuwi. Lagi siyang pinupuna sa harap ng mga kasamahan, at napapahiya si Federico dahil dito. Ipinakita ko sa kanya ang dakong espirituwal ng pangyayaring ito. Madalas, nais nating iwasan ang mga mahihirap na kalagayan. Subalit kailangan natin matutunang magmahal kagaya ng pagmamahal ni Jesus. Kahit mga taong nagpapahirap sa atin ay kailangan din ng ating pagmamahal. Sinabi ko kay Federico na dapat niyang ipakilala si Jesu-Kristo sa kanyang kapitan.

Noong Pebrero 2006, sumulat si Federico sa akin. Ito'y bahagi ng kanyang sulat: "Nakaginhawa sa akin na dinala ka ng Diyos sa aming barko para masabihan mo akong huwag talikuran ang aking sitwasyon, sa halip ay ipakita ko ang pagmamahal ni Jesus sa aming kapitan. Kapatid, nagpapasalamat ako sa Panginoong Jesu-Kristo dahil dito at naniniwala akong pumunta ka sa patnubay ng Espiritu Santo. Sa isip ko, papayuhan mo akong bumaba na ng barko. Ang payo mong manatili sa barko para ipakita ang pagmamahal ni Jesus ay mahirap pero nakabuti sa akin.

Sa araw ng Bagong Taon 2009, tinawagan ako ni Federico sa telepono mula sa Vietnam. Kapitan na siya ngayon. Sabi niya, ang pinakamalaking aral natutunan niya ay ang manatili sa barko noong 2005, dahil dito nalaman niya kung paano kumilos bilang kapitan. Pakiramdam niya ay tulad ni David sa kuweba ni Adullam (1 Samuel 22:1-2). Doon natuto si David kung paano kumilos bilang hari ng mga taong inapi ni Saul.

Si Kristo ang naging angkla ni Federico sa kanyang kalagayan noong 2005, at dahil dito nakikinabang ang kanyang mga tauhan pati na rin ang Kaharian ng Langit sa kasalukuyan. Guus Peters

Nais kong idagdag na sa pamamagitan ni Guus, nakausap ko rin si Federico at nasabi niya sa akin na napagpala siya at napalakas ang loob dahil sa ilang talata ng Bibliya na ibinigay ko sa kanya, pati ang **Hebreo kapitulo 6**.

Ang Iyong Kasagutan. Naghihintay pa rin ba ang Diyos ng kasagutan mula sa iyo at sa akin tungkol sa ginawa ng Panginoong Jesus? Maaaring hinihintay mo pa ang sagot sa isang dalangin. Hinihintay mo bang sundin ng Diyos ang iyong kagustuhan, sa halip na tanggapin na ang Kanyang kagustuhan ang dapat nating sundin sa bawat bahagi ng ating pamumuhay? Mas marunong ba tayo sa ating Tagapaglikha? Ang Panginoong Jesus ang nagdusa at namatay sa kurus dahil mahal Niya tayo at Siya ang nauna sa atin sa daungan ng langit. Kung tila napakalayo ng Diyos, sino ang nangangailangang magbago? Ito ang maaari mong tugon:
1) "Ihulog ang iyong angkla!" Magtiwala sa Panginoong Jesus at alamin na ang Kanyang pagpapala ay para sa buhay natin ngayon at magpakailanman.
2) Sagutin mo ang sulat kong ito, kahit upang sabihin lamang na natanggap mo ito. Puede ka ring magtanong o magkomentaryo.
3) May ilan kaming araling pangkoreo tungkol sa Bibliya. '**Ang Tulay'** at '**Grasya Para sa Mahina'** ay sinulat ng aking kaibigan at kasamahang si **Volker Lamaack**. Nakatulong na ang mga araling ito sa maraming mandaragat na makilala si Kristo bilang Tagapagligtas at Panginoon, ang kanilang Angkla sa buhay.
4) Nais mo bang magsimba habang nasa dagat? Ang kaibigan at kasamahan kong si **Martin Otto**, na sumulat ng aklat, **'Church on the Oceans'**, ay namumuno ng mga seminar para sa mga Kristiyanong mandaragat kung paano mag-umpisa ng isang grupong mag-aaral ng Bibliya sa barko, at paano magiging 'simbahan' ang grupong ito sa barko. Napabago nito ang kanilang buhay sa dagat. Sulatan ako kung gusto mo ng detalye, pati na rin kung paano pagsilbihan ang Panginoon sa dagat kasama ng mga kapwa Kristiyano.
Tatanggapin ko ang mga sulat at email galing sa mga mandaragat at kanilang mga asawa kahit sa anong wika. Seryosong ituturing ang bawat hiling ng dalangin o payo. Sana'y makatulong ako sa iyong pag-aral ng Bibliya, mag-isa ka man o kasali sa isang grupo.

Hihintayin ko ang iyong sagot. Masisiyahan ding makatanggap ang asawa kong si Isobel ng sulat mula sa asawa mo, kahit sa anong wika. *Pastor David at Isobel Thomson*